# Pagninilay sa Aklat ng Ruth Yugto 5

Tayo ay magpapatuloy sa mensaheng ito na ating nasimulan sa pagninilay mula sa aklat ng Ruth sa pagtutuon sa pag-asa na mayroon tayo kay Cristo na ating Diyos at sa kanyang Salita. Si Noemi at si Ruth ay inilagay ang kanilang pag-asa sa Diyos habang kanilang itinakda ang kanilang paglalakbay upang bumalik sa Bethlehem bilang kanilang napagdesisyunang bumalik sa Diyos at gawin at mabuhay sa Kanyang kalooban.

***"1 At si Noemi ay may kamaganak ng kaniyang asawa, isang mayamang makapangyarihan, sa angkan ni Elimelech; at ang pangalan niya'y Booz." (Ruth 2:1)*** Sa pagbanggit kay Booz dito, ay isang pag-asa kay Noemi at Ruth, gaya ng ating nabanggit sa naunang mensahe. Laging dadalhin ng Diyos ang pag-asa sa mga, nawawalan ng kanilang pag-asa at gagawa ng paraan na makakaya nilang magtiwalang muli sa Diyos. Tayo ay magpatuloy ngayon sa pamamagitan ng Banal na Kasulatan na magpapalakas sa ating pag-asa sa Diyos.

***F.*** Sa aklat ng Ezekiel at mula sa pangitain na ipinakita Niya kay propeta Ezekeil, matutunan natin ang mabuting aral tungkol sa Pag-asa: ***"Nang magkagayo'y sinabi niya sa akin, Anak ng tao, ang mga butong ito ay ang buong sangbahayan ni Israel: narito, kanilang sinasabi, Ang ating mga buto ay natuyo, at ang ating pagasa ay nawala; tayo'y lubos na nahiwalay." (Ezekiel 37:11)*** Dito sa pangitaing ito sa libis ng natuyong mga buto ang Panginoon ay ipinakita kay Ezekiel na kaya Niyang panumbalikin ang lambak ng mga natuyong mga butong ito sa isang malaking hukbo ng Israel upang pumaroon para sa Diyos, at ito'y isang panghuhula tungkol sa pagkabuhay mula sa patay. Sa ilang panahon hindi natin maisip kung paano lulutasin ng Diyos ang mga bagay at panunumbalikin ang mga bagay ngunit ang Banal na Kasulatan ay itinuturo sa atin na kaya Niyang gawin yaon:

Ating basahin at ipaliwanag ang tungkol sa pangitaing ito at matutunan ang mabuting mga aral:

***"1 Ang kamay ng Panginoon ay sumasa akin, at kaniyang dinala ako sa Espiritu ng Panginoon, at inilagay niya ako sa gitna ng libis; at yao'y puno ng mga buto." (Ezekeil 37:1)*** *I * Ang Espiritu ng Diyos ay kayang gumawa ng maraming bagay at kahit ang mga bagay na lampas sa ating imahinasyon. * Ang Espiritu ng Diyos ay makakatulong sa atin upang maunawaan at ipaliwanag sa atin ang mga bagay ng Diyos.* ***"2 At pinaraan niya ako sa tabi ng mga yaon sa palibot: at, narito, may totoong marami sa luwal na libis; at, narito, mga totoong tuyo." (Ezekeil 37:2)*** Maraming mga buto na naroon at lahat ng mga ito ay totooong tuyo, kaya walang pag-asa sa mga ito at walang gamot. Ang mga Israelita ay nagkasala at sumunod sa kanilang mga dios diosan at hinamak ang Salita ng Diyos at napunta sa buhay papuntang kamatayan. Sila ba ay nagsisi? Sila ba ay bumalik sa Panginoon? Ang mensaheng ito ay magiging angkop ngayon tungkol sa maraming naliligaw na kaluluwang mga anak na lumisan sa Diyos, at mula sa Kanyang simbahan, kagaya ni Noemi, at sila ay namatay. Sila ba ay nagsisi? Sila ba ay bumalik? Sila ba ay muling nabuhay at bumalik muli sa buhay at muling naglingkod sa Diyos at naging mga hukbo para kay Cristo at naging bahagi ng Kanyang hukbo? Aking inabot ang ilan daang mga tao, at sila'y nawalang lahat, sila ba ay babalik? sila ba ay magsisisi? Sila ba ay maglilingkod sa Panginoon? ***"3 At kaniyang sinabi sa akin, Anak ng tao, maaari bagang mabuhay ang mga butong ito?" (Ezekeil 37:3ª)*** Isang pagsalungat sa inilagay sa harapann ng propeta kung saan posible sa lahat ng iyon ay mangyari? Si Ezekiel ay nagtapat na hindi niya alam kundi ang Diyos ang nakakaalam, "***At ako'y sumagot, Oh Panginoong Dios; ikaw ang nakakaalam. 4Muling sinabi niya sa akin, Manghula ka sa mga butong ito, at sabihin mo sa kanila, Oh kayong mga tuyong buto, inyong pakinggan ang salita ng Panginoon." (Ezekeil 37:3b,4)*** Ibinigay ng Diyos ang Kanyang Salita at sinabi sa Kanya na sabihin sa kanila sa natuyong mga buto**.** Ilang beses na ang Diyos ay nagbigay sa atin ng Kanyang Salita ngunit tayo'y tumanggi na ipahayag dahil wala tayong pananampalatay at pag-asa sa Diyos na gagawin Niya ang Kanyang sinabi! * Kailangan nating magkaroon ng pananampalataya sa Diyos at ipahayag ang Kanyang Salita at maniwala sa Kanyang sinabi. * Ang pag-asa ay hindi lamang makakatulong sa atin sa paglilingkosd sa Diyos ngunit ang pag-asa ay makakatulong sa atin upang mabuhay para sa Diyos. ***"5 Ganito ang sabi ng Panginoong Dios sa mga butong ito: Narito, aking papapasukin ang hinga sa inyo, at kayo'y mangabubuhay." (Ezekeil 37:5)*** Ipinaliwanag dito ng Diyos at sinalita sa mga tuyong buto na dadalhan Niya ng Kanyang hininga, ang Banal na Espiritu upang makapasok sa kanila upang magkaroon ng buhay. Minsan tumatanggi tayong sabihin ang masakit na katuran sa mga tao, ngunit hindi dapat nating pabayaan na gawin iyon sapagkat sa pagsasabi ng katotohanan ay mayroong buhay. Si Ezekiel ay sumunod sa Diyos at sinalita ang mensahe at nagbigay pa ng mga detalye kung paanong panunumbalkin ng Diyos at gagawin ang mga bagay na magkakasama hanggang gawin ng Diyos ang mga tuyong buto sa isang malaking hukbo. ***"6 At lalagyan ko kayo ng mga litid, at bunutin ko kayo ng laman, at tatakpan ko kayo ng balat, at lalagyan ko kayo ng hininga, at kayo'y mangabubuhay; at inyong malalaman na ako ang Panginoon." (Ezekeil 37:6)*** Nang si Ezekiel ay sumunod at ibinigay ang mensahe, ang Diyos ay ginawa at pinatunayan ang Kanyang Salita na ibinigay Niya sa Kanyang propeta. Sa parehong paraan kailangan nating magkaroon ng tiwala at pag-asa sa sasabihin ng Diyos sa atin upang gawin at sabihin at ang Diyos ang magpapatibay niyon sa buhay ng katotohanan. ***"7 Sa gayo'y nanghula ako ng gaya ng iniutos sa akin: at habang ako'y nanghuhula, may naghinugong, at, narito, isang lindol; at ang mga buto ay nangagkalapit,***

***buto sa kaniyang buto." (Ezekiel 37:7)*** Nang si Ezekiel ay nanghula at nangaral, ang mga himala ay nagsimulang maganap. Kapag tayo'y sumunod at ginawa at sinalita ang Salita ng Diyos, ang Panginoon ang gagawa para sa atin ng mga himala. ***"8 At ako'y tumingin, at, narito, may mga litid sa mga yaon, at laman ay lumitaw sa mga yaon at ang balat ay tumakip sa mga yaon sa ibabaw; nguni't walang hininga sa kanila." (Ezekeil 37:8)*** Nakamit ng Diyos ang Kanyang sinabi, at dinalang magkakasama at inanyuan ang mga katawan na ninais Niyang anyuan, ngunit walang hininga sa mga ito, at initusan ng Diyos ang Kanyang propeta upang manghula, na muli ang Banal na Espiritu ay darating at magbibigay ng buhay sa kanila. Kapag sinalita natin ang Salita ng Diyos ang Panginoon ang mag-aanyo ng mabubuting bagay, kahit ngayon habang iyong naririnig at binabasa ang mensahe ng Panginoon ay gagawa ng mabubuting bagay para sa iyo at sa iyong palibot. ***"9 Nang magkagayo'y sinabi niya sa akin, Manghula ka sa hangin, manghula ka, anak ng tao, at sabihin mo sa hangin, Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Manggaling ka sa apat na hangin, Oh hinga, at humihip ka sa mga patay na ito, upang sila'y mangabuhay.10 Sa gayo'y nanghula ako ng gaya ng iniutos niya sa akin, at ang hininga ay pumasok sa kanila, at sila'y nangabuhay, at nagsitayo ng kanilang mga paa, isang totoong malaking pulutong." (Ezekiel 37:9-10)*** Totoo, ang sinabi ng Diyos ay mangyayari at ang buhay ay darating at sila'y magiging isang malaking pulutong. Ipinadala ng Diyos ang Banal na Espiritu upang magdala ng buhay at magdala ng nais Niyang kamitin sa pamamagitan ng ating paglilingkod at ministerio sa Kanya, at yaon ay kailangan nating magtiwala sa Kanya at gagawin Niya. ***"11 Nang magkagayo'y sinabi niya sa akin, Anak ng tao, ang mga butong ito ay ang buong sangbahayan ni Israel: narito, kanilang sinasabi, Ang ating mga buto ay natuyo, at ang ating pagasa ay nawala; tayo'y lubos na nahiwalay.12 Kaya't manghula ka, at sabihin mo sa kanila, Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Narito, aking bubuksan ang inyong mga libingan, at aking pasasampahin kayo mula sa inyong mga libingan, Oh bayan ko; at aking dadalhin kayo sa lupain ng Israel." (Ezekiel 37:11-12)*** Bubuksan ng Diyos ang libingan at dadalhin ang mga tao mula sa kamatayan pabalik sa buhay. Pababalikin ng Diyos ang naliligaw na mga kaluluwang anak mula sa kamatayan papunta sa pagsisisi at pabalik sa Kanyang presensya upang paglingkuran Siya. ***"13At inyong malalaman na ako ang Panginoon, pagka aking binuksan ang inyong libingan, at aking pinasampa kayo na mula sa inyong mga libingan, Oh bayan ko.14 At aking ilalagay ang aking Espiritu sa inyo, at kayo'y mangabubuhay, at aking ilalagay kayo sa inyong sariling lupain, at inyong mangalalaman na akong Panginoon ang nagsalita, at nagsagawa, sabi ng Panginoon." (Ezekiel 37:13-14)*** At inilagay ng Diyos ang Kanyang Banal na Espiritu sa atin at tayo'y mabubuhay kasama ng Diyos magpakailanman.

***G.*** Kailangan nating maghintay sa Diyos at ang ating pag-asa ay sa Kanyang Salita, sapagkat sa Kanya ay may kagandahang-loob at katubusan, ***"5 Aking hinihintay ang Panginoon, hinihintay ng aking kaluluwa, at sa kaniyang salita ay umaasa ako. 7 Oh Israel, umasa ka sa Panginoon; sapagka't sa Panginoon ay may kagandahang-loob." (Awit 130:5,7)***

***"Maginhawa ang may pinaka saklolo sa Dios ni Jacob, na ang pagasa ay nasa Panginoon niyang Dios:" (Awit 146:5)*** Tayo'y magkakaroon ng kagalakan kapag ang ating pa-asa ay nakabatay sa Diyos at sa Kanyang sinabi sa Kanyang Salita. ***"Mapalad ang tao na tumitiwala sa Panginoon, at ang pagasa ay ang Panginoon." (Jeremiah 17:7)***

***H.*** Upang mabuhay sa isang matuwid na buhay sa paggawa ng Kanyang Salita at sa Kanyang kalooban, ay magbibigay ng kagalakan sa atin, at magbibigay sa atin ng pag-asa sa kaligtasan ng Panginoon, ngunit ang masama ay walang pag-asa at maglalaho, ***"Ang pagasa ng matuwid ay magiging kasayahan: nguni't ang pagasa ng masama ay mawawala." (Kawikaan 10:28)***

***I."Ang Panginoon ay naliligaya sa kanila na nangatatakot sa kaniya, sa nagsisiasa sa kaniyang kagandahang-loob." (Awit 147:11)*** Ang Panginoon ay nagagalak at naliligayahan sa mga nangatatakot sa Kanya at sa mga nagsisiasa sa Kaniyang kagandahang-loob.

***J.*** Sa panahon ng mga pagsubok at ng panahon ng kadalamhatian, mabuting magsisi at ilagay ang ating pag-asa sa Panginoon, naghihintay sa Kanyang katubusan at kaligtasan. ***"24 Ang Panginoon ay aking bahagi, sabi ng aking kaluluwa; kaya't ako'y aasa sa kaniya.25 Mabuti nga na ang tao ay umasa at maghintay na tahimik sa pagliligtas ng Panginoon." (Panaghoy 3:24,26)***

***K. "At ibibigay ko sa kaniya ang kaniyang mga ubasan mula roon, at ang libis ng Achor na pinakapintuan ng pagasa; at siya'y sasagot doon, gaya ng mga kaarawan ng kaniyang kabataan, at gaya ng araw na siya'y sumampa mula sa lupain ng Egipto." (Hosea 2:15)*** Ang lugar na binato ng mga Israelita si Achor at ang kanyang pamilya at sinunog sila sa pagharap sa kanilang mga kasalanan ay naging bukana ng pag-asa para sa pagpapanumbalik at para sa kasayahan ng Kanyang bayan. Kapag ating hinarap ang kasalanan at ibinigay ang disiplina sa mga gumagawa ng masama, sa gayon tayo ay naninindigan kasama ng Diyos at muli tayong nagkakaroon ng pag-asa.

***L. “At ang Panginoo'y aangal mula sa Sion, at palalakasin ang kaniyang tinig mula sa Jerusalem; at ang langit at ang lupa ay mangayayanig: nguni't ang Panginoon ay magiging kanlungan sa kaniyang bayan, at katibayan sa mga anak ni Israel.” (Joel 3:16)*** Ang pagkilos ng Banal na Espiritu ngayon sa ating buhay ay ang ating pag-asa para sa ngayon; sapagkat ang Banal na Espiritu ay ang Diyos sa ating buhay, at Siya ang ating pag-asa.

***M. “1 Yaman nga na mga inaaring-ganap sa pananampalataya, mayroon tayong kapayapaan sa Dios sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesucristo;2 Sa pamamagitan din naman niya'y nangagkaroon tayo ng ating pagpasok sa pamamagitan ng pananampalataya sa biyayang ito na diyan ay nagsisilagi tayo; at nangagagalak tayo sa pagasa ng kaluwalhatian ng Dios.3 At hindi lamang gayon, kundi naman nangagagalak tayo sa ating mga kapighatian na nalalamang ang kapighatian ay gumagawa ng katiyagaan:4 At ang katiyagaan, ng pagpapatunay; at ang pagpapatunay, ng pagasa; 5 At ang pagasa ay hindi humihiya; sapagka't ang pagibig ng Dios ay nabubuhos sa ating mga puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo na ibinigay sa atin.” (Roma 5:1-5)*** Ang kaligtasan sa pamamagitan ni JesuCristo, Sa Kanyang biyaya, ay nakagawa nating magalak habang ating inilalagay ang ating pag-asa sa Diyos, at iyon ang magpapalakas sa atin kahit sa kapighatian at kikilos sa atin ang pagtitiis, at pagtitiyaga, sapagkat hindi tayo ipapahiya ng pag-asa iyon dahil ibinuhos ng Diyos sa atin ang Kanyang pag-ibig sa ating mga puso sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.

***N. “4 Sapagka't ang anomang mga bagay na isinulat nang una ay nangasulat dahil sa ikatututo natin, upang sa pamamagitan ng pagtitiis at pagaliw ng mga kasulatan ay mangagkaroon tayo ng pagasa.” (Roma 15:4)*** Ang pagtitiis at pagaliw sa pamamagitan ng Salita ng Diyos na nakasulat sa Bibliya ay magbibigay sa atin ng pag-asa, ang ang pag-asang iyon ay puspusin tayo ng kapayapaan at kagalakan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, ***“13 Puspusin nga kayo ng Dios ng pagasa ng buong kagalakan at kapayapaan sa pananampalataya, upang kayo'y managana sa pagasa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.” (Roma 15:13)***

Sa pagsunod sa halimbawa ni Cristo sa ating buhay ay nagagawang mabuhay ni Cristo sa atin. ***“Na sa kanila'y minagaling ng Dios na ipakilala kung ano ang mga kayamanan ng kaluwalhatian ng hiwagang ito sa gitna ng mga Gentil, na ito'y si Cristo na nasa inyo, na pagasa ninyo sa kaluwalhatian:” (Colosas 1:27)*** Si Cristo ay hindi natin pinsan o kamag-anak gaya ni Booz kay Noemi, ngunit Siya ay ating kapatid, at bilang tayo’y nagsisisi at bumalik sa Diyos, sa gayon tao ay may pag-asa, katubusan, kaligtasan at panunumbalik. Sa katunayan tayo ay naghihintay sa Kanya upang bumalik at kunin tayo. ***“Na hintayin yaong mapalad na pagasa at ang pagpapakita ng kaluwalhatian ng ating dakilang Dios at Tagapagligtas na si Jesucristo;” (Tito 1:13)*** Sa gayon, inaasahan natin, at mayroong pag-asa upang makatagpo ang Panginoon sa alapaap kailangan nating linisin ang ating sarili, ***“At sinomang mayroon ng pagasang ito sa kaniya ay naglilinis sa kaniyang sarili, gaya naman niyang malinis.” (1 Juan 3:3)***

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ihantulad natin ngayon sa pagitan ni Booz at ni Cristo: Si Booz ay malakas, ngunit si Cristo ay Diyos na Makapangyarihan. Si Booz ay isang pinsan kay Noemi, ngunit si Cristo ay ang ating kapatid. Si Booz ay kamaganak, ngunit si Cristo ay ang ating Manlilikha. Si Booz ay isang mayamang lalaki, ngunit si Cristo ang lahat ng mga bagay ay ginawa sa pamamagitan Niya. Ang ibig sabihin ng Booz ay matulin o mabilis, at masipag sa pagkamit ng kalooban ng Diyos, ngunit si Jesucristo ay ang ating Tagapagligtas sa mga kasalanan at ang ating pinahirang Hari na hinihintay nating bumalik at kunin tayo kasama Niya sa Langit. Ang ating pag-asa kay Cristo ay mas malayo kay sa pag-asa ni Noemi kay Booz, at gaya ng sinabi ng manunulat ng Hebreo. ***“Na ating inaring tulad sa sinepete ng kaluluwa, isang pagasa na matibay at matatag at pumapasok sa nasa loob ng tabing;” (Hebreo 6:19)***

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Diyos, Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para iyong pag-asa na mayroon ako kay Cristo Jesus na ating Panginoon.*

*Panginoon aking itinatalaga ang aking sarili sa katuruan na aking natanggap mula sa iyong Salita sa mensaheng ito upang gawin at upang isgawa. Panginoon patawarin ako; Ako’y nagsisisi mula sa sumusunod na mga kasalanan_________________.*

*Talikdan ang lahat ng iyong mga kasalanan; ang iyong kamunduhan, kawalan ng pananampalataya, paggawa ng sariling kalooban, walang katapatan, pagbibigay ng pagtitiwala sa tao at sa materyal na mga bagay, walang kagustuhang sabihin ang katotohana at ibigay ang mensahe, pagtakas sa iyong mga pananagutan at walang kagustuhang maglingkod sa Diyos.*

*Panginoon aking itinatalaga ang aking sarili sa mga simulain na aking natanggap mula sa iyong Salita. Panginoon ako ay bumabalik sa iyo, nagtitiwala sa iyo, at sa iyong Salita. Panginoon gagawin ko kung anuman*

*ang hilingin mo sa akin. Panginoon puspusin ako ng Banal na Espiritu na pumaroon at ipangaral ang iyong Salita at magebanghelyo at abutin ang bagong mga tai at upang idisipolo sila.*

*Panginoon aking ipinapanalangin ang aking mga kapatid na lalake at babae na itinalaga ang kanilang sarili sa mensahe na kanilang natanggap mula sa iyo. Panginoon panumbalikin sila pabalik sa iyo at sa mabuting plano na mayroon ka sa kanila. Panginoon protektahan sila at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan at gamitin silang muli upang maglingkod sa iyo at abutin ang bagong mga tao sa mabuting balita ni Jesus.*

*Panginoon ako'y nanalangin na tulungan mo kami bilang isang simbahan; Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu sa gayo'y kami makaparoon at magebanghelyo at buuin ang gawain na itinalaga mong gawin namin. Panginoon tuparin ang mo iyong pananaw sa simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagsasakatuparan ng buong kalooban ng Diyos'. Panginoon tulungan kaming makagtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami at palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan sa gayo'y hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.